1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kwarter 2

Linggo 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Makabansa 1**
**Kwarter 2: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Anagara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Writer:** Nanelyn Bontoyan
**Content Editor:** Cherry Gil J. Mendoza
**Mechanical Editor:** Ellen Gelinsanga-Dela Cruz, Joyce Arce
**Illustrator:** Marks D. Petran
**Layout Artist:** Analyn T. Serrano

**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources


| **MATATAG Kto10 Kurikulum**<br>**Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Baitang:** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | **Makabansa** |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Markahan:** | **2** |



| | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya | | | |
| B. *Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya | | | |
| C. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito tulad ng two-parent, solo parent, extended family, at iba pa | | | |
| D. *Mga Layunin* | 1. Nailalahad ang kuwento tungkol sa extended family<br>2. Naibabahagi ang saloobin tungkol sa pagkakaroon ng extended family | 1. Nakapagbabahagi ng masasayang karanasan kasama ang pamilya sa pamamagitan ng pagkukuwento | 1. Nakahuhulma ng pigura ng mga kasapi ng pamilya gamit ang luwad/clay<br>2. Naibabahagi ang hinulmang pigura ng mga kasapi ng pamilya sa klase | 1. Naibabahagi ang karanasan at hinulmang pigura ng mga kasapi ng pamilya sa klase |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pamilya Batay sa Bumubuo Nito** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Maikling Kuwento: *Ang Aking Malaking Pamilya.* Makukuha sa https://drive.google.com/file/d/1hP4Gl_UbhD-qQgDGCty9GhtwIv2d_Dik/view?usp=sharing | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | yeso at pisara<br>mga larawan | yeso at pisara<br>mga larawan | yeso at pisara<br>mga larawan | yeso at pisara<br>mga larawan |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-Aral:<br><br>Sabihin: Noong nakaraang linggo ay tinalakay natin ang iba't ibang uri ng pamilya. Ano ang iba't ibang uri ng pamilya?<br><br>Sagot: Two-parent, Solo-Parent, at Extended Family<br><br>Tala sa Guro:<br>Maaring magpakita ng larawan ang guro habang nagbabalik-aral. | Balik-Aral:<br><br>Sabihin: Kahapon ay binasa natin ang kuwentong pinamagatang, "Ang Aking Malaking Pamilya",<br><br>1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwentong ating binasa?<br>2. Sino-sino ang kaniyang mga kasama sa loob ng kanilang tahanan?<br>3. Bakit masaya ang ating pangunahing tauhan sa pagkakaroon ng malaking pamilya sa wakas ng kuwento? | Balik-Aral:<br><br>Sabihin: Kahapon, gumuhit kayo ng mga masasayang gawain kasama ang inyong mga pamilya. Mayroon bang nais magbahagi muli ng isang maikling kuwento tungkol sa masasayang gawain kasama ang inyong pamilya? | Ipahanda sa mga mag-aaral ang mga hinulmang pigura ng kanilang pamilya gamit ang luwad. |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ilahad sa mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin:<br><br>1. Nailalahad ang kuwento tungkol sa extended family<br>2. Naibabahagi ang saloobin tungkol sa pagkakaroon ng extended family | Ilahad sa mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin:<br><br>1. Nakapagbabahagi ng masasayang karanasan kasama ang pamilya sa pamamagitan ng pagkukuwento | Ilahad sa mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin:<br><br>1. Nakahuhulma ng pigura ng mga kasapi ng pamilya gamit ang luwad/clay<br>2. Naibabahagi ang hinulmang pigura ng mga kasapi ng pamilya sa klase | Ilahad sa mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin:<br><br>1. Naibabahagi ang karanasan at hinulmang pigura ng mga kasapi ng pamilya sa klase |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Isulat sa pisara ang mga sumusunod na salita na mayroong kahulugan. Sa iyong patnubay, ipabasa ang mga ito sa mga mag-aaral:<br><br>**Malaking Pamilya** – Binubuo ng magulang, anak, lolo, lola, at mga kamag-anak tulad ng pinsan o pamangkin.<br><br>**Panatag na Kalooban -** walang pangamba o pag-aalala | Magpakita ng larawan ng isang masayang pamilya.<br><br><br>*Ang larawan ng pamilya na nasa parke*<br><br>Itatanong ng guro ang mga sunusunod:<br>1. Ano ang nakikita ninyo sa larawan?<br>2. Sino-sino ang nasa larawan?<br>3. Ano ang kanilang ginagawa?<br>4. Masasabi mo ba na sila ay isang masayang pamilya? Bakit?<br>5. Mayroon ka rin bang karanasang katulad nito? Ano ang masasayang ginagawa mo kasama ang iyong pamilya? | Isulat sa pisara ang mga sumusunod na salita:<br><br>paghuhulma<br>luwad<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng paghuhulma at luwad.<br><br>**Paghuhulma -** Paglalapat o paglalagay sa wastong hugis, anyô, o súkat; pagmomolde.<br><br>Ang paghulma gamit ang luwad ay ang paggawa ng mga hugis o anyo gamit ang malambot na luwad. Hinuhubog ito ng kamay o gamit ang mga kagamitan, pagkatapos ay pinatutuyo o pinapainit para maging matibay.<br><br>**Luwad -** Putik na ginagawang palayok at iba pang kauri nitó; lupang gabok na nilagyan ng tubig.<br><br>Sangunian: KWF Diksiyonaryong Filipino | Sabihin: Ipagpapatuloy ninyong mga mag-aaral ang paghulma ng mga pigura ng inyong pamilya. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Isulat sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral mula sa mga tanong na nabanggit sa itaas. | | |
| | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Gamitin ang mga susing-parirala sa isang pangungusap. Anyayahan ang mga mag-aaral na bumuo rin ng pangungusap gamit ang mga ito. | Ipaliwanag na magkakaiba ang karanasan ng bawat mag-aaral sa kani-kanilang pamilya. | Magpakita sa mga mag-aaral ng mga pigurang gawa sa luwad. | Tumawag ng mga boluntaryong mag-aaral upang magbahagi ng karanasan at hinulmang pigura ng kanilang pamilya sa harap ng klase.<br><br>Sa pagbabahagi ng mga mag-aaral, maaring itanong ang mga sumusunod:<br>1. Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya na iyong hinulma?<br>2. Anong uri ng pamilya, batay sa bumubuo nito, ang kinabibilangan mo? |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Basahin sa mga mag-aaral ang maikling kuwentong “Ang Aking Malaking Pamilya” Isinulat ni Lưu Thị Lương at Iginuhit ni Lê Thị Anh Thư omer Cheh, makukuha sa https://drive.google.com/file/d/1hP4Gl_UbhD-qQgDGCty9GhtwIv2d_Dik/view?usp=sharing | Magpakita sa mga mag-aaral ng iba’t ibang larawan ng mga masasayang ginagawa ng pamilya: | Ilahad sa klase ang proseso ng paghuhulma ng pigura ng pamilya gamit ang luwad o clay:<br><br>Mga Kailangan:<br>luwad (clay)<br>tubig (para palambutin ang luwad)<br>plastic na kutsilyo o toothpick<br>kulay o pintura (opsiyonal) | Iproseso ang mga saloobing ibinahagi ng mga boluntaryong mag-aaral. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td><br><br></td>
<td>Paano Gumawa ng Pigura ng Pamilya:<br><br>1. Gumawa ng Ulo<br>○ Gamit ang luwad, gumawa ng maliit na bilog para sa ulo ng bawat miyembro ng pamilya.<br><br>2. Gumawa ng Katawan<br>○ Gumawa ng hugis-itlog o parang rektanggulo para sa katawan.<br>○ Idikit ang ulo sa katawan.<br><br>3. Gumawa ng Braso at Paa<br>○ Gumawa ng maliliit na piraso para sa mga braso at paa.<br>○ Idikit ito sa katawan.<br><br>4. Gumawa ng Buhok<br>○ Gumawa ng maliliit na linya o bilog para sa buhok at idikit sa ulo.</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <br> | 5. Hayaang Matuyo<br>◦ Ilagay ang pigura at hayaan itong matuyo hanggang tumigas.<br><br>6. Pinturahan<br>◦ Kapag tuyo na, pinturahan ito ng mga kulay para maging mas maganda.<br><br>Tala sa Guro: Opsiyonal ang ikaanim na bilang. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |   | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:<br><br>1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?<br>2. Ilan sila sa loob ng kanilang bahay?<br>3. Ano ang nangyari na labis na nabahala si Ben?<br>4. Bakit napanatag ang kalooban ni Ben?<br>5. Bakit nasabi ni Ben na masaya pala ang | Itanong:<br><br>1. May magkakatulad ba sa ginagawa ng pamilya ninyo sa mga nasa larawan? Ano-ano ito? Ibahagi sa klase. | Sabihin:<br><br>Ang bawat mag-aaral ay huhulma ng ng mga kasapi ng pamilya gamit ang luwad/clay. | Itanong:<br><br>1. Sino-sino ang inyong hinulma?<br>2.Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa ninyo ang paghuhulma? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mayroong malaking pamilya? | | | |
| | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi sa harapan ng klase sa pamamagitan ng mga gabay na tanong:<br><br>1. Ano-ano ang karaniwang ginagawa ninyo kasama ang bawat miyembro ng pamilya?<br>2. Ano ang nararamdaman ninyo kapag ginagawa ninyo ito?<br>3. Gusto ba ninyong gawin ito palagi? Bakit? | Palawigin ang talakayan sa pamamagitan ng pagpapaguhit sa mga mag-aaral ng kanilang mga masasayang karanasan kasama ang pamilya gamit ang kanilang kuwaderno. | Magpahulma sa mga mag-aaral ng mga kasapi ng pamilya gamit ang luwad/clay. | Gumuhit ng isang malaking kahon sa pisara. Hikayatin ang mga mag-aaral na isulat sa kahon ang isa o dalawang salitang naglalarawan sa mga bagay na pinagpapasalamat nila sa kanilang pamilya.<br><br>Talakayin at iproseso sa mga mag-aaral ang mga isinulat na salita sa pisara. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Tumawag ng mag-aaral sa harapan ng klase upang magbahagi ng kanilang saloobin sa kuwentong binasa tungkol sa *extended family*. | Tumawag ng mag-aaral sa harapan ng klase upang magbahagi ng kanilang masasayang karanasan kasama ang pamilya sa pamamagitan ng pagkukuwento. | Ang hinulmang pigura ng kasapi ng pamilya ang magsisilbing pagtataya ng natutuhan. | Ang partisipasiyon ng mga mag-aaral sa mga gawain ang magsisilbing pagtataya ng natutuhan. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | Takdang Aralin:<br><br>Magdala ng luwad o clay. | | |
| *Mga Tala* | *Maaaring gumamit ang guro ng iba pang maikling kuwento.* | *Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral.* | *Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral.* | *Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral.* |

| *Repleksiyon* | | | | |
|---|---|---|---|---|

Inihanda ni:

_________________________

Guro

Nirebyu ni:

_________________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_________________________

School Head